Unang Edisyon

# iSangLahi 8

## Kasaysayan ng Daigdig



Online Offline MATERIALS

DepED K·12 PROGRAM ALIGNED

Teachers Manual

# Yunit 1: Heograpiya at Mga Sinaunang Kabihasnan sa Daigdig

## Aralin 1: Heograpiyang Pisikal ng Daigdig

### MGA LAYUNIN SA PAG-AARAL

- Masuri ang katangiang pisikal ng daigdig ayon sa lokasyon, rehiyon, topograpiya, anyong lupa at anyong tubig.

### PAUNLARANG GAWAIN

**Mga Paghahandang Gawain**

1. **Mga Karaniwang Gawain**
   - Panalangin at Pagcheck sa attendance.
2. **Pagsusuri/Balik-aral (mga mungkahi)**
   - Ipakilala ang sarili at kilalanin ang mga mag-aaral.
3. **Mga maaaring gamiting motibasyon (mga mungkahi)**
   - Talakayin ang iba't-ibang heograpiya ng Asya.
   - Tukuyin kung anu-ano ang anyong lupa at anyong tubig.

**Presentasyon ng Aralin**

Talakayin ang aralin gamit ang mapagkukunang **iPresentation** na matatagpuan sa loob ng interactive na courseware upang mapadali ang pag-aaral sa **PAHINA 2 – 11**. Bigyan ang mga mag-aaral ng pagsasanay sa pagsasanay o mga katanungan.

### PAGBUBUOD

Pamunuan ang mga mag-aaral sa pagtukoy na:

- Ang pagsusuri sa heograpiya ng daigdig ay batay sa dalawang uri: ang heograpiyang pisikal na naglalarawan sa partikular na lokasyon, klima, panahon, gayundin ang mga anyong lupa at tubig; at ang ikalawa ay heograpiyang pantao na tumutukoy naman sa mga pangkat-etniko na bumubuo sa isang lugar at ang pinagyayamang kultura nito.
- Samantala, ang paglalarawan naman sa heograpiyang pisikal ay dapat na nakaayon sa limang tema nito: ang lokasyon na tumutukoy sa partikular na detalye na kinaroroonan ng isang lugar; rehiyon o pagkakahati sa iba pang mga lugar; topograpiya na naglalarawan sa uri ng klima at panahon na nararanasan sa isang lugar at ang mga yamang likas nito; at ang pang-huli ay ang mga anyong lupa at tubig na may malaking implikasyon sa uri ng pamumuhay ng mga tao.

### IKA-UNANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain A** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

**Maaaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga bata.*

| Nilalaman | 1 | 2 |
|---|---|---|
| **Anyong Lupa** | Nakapagbigay ng halimbawa ngunit hindi akma sa uir ng Anyong Lupa. | Nakapagbigay ng wastong halimbawa na naayon sa uri ng Anyong Lupa. |

| | | |
|---|---|---|
| **Lokasyon ng Anyong Lupa** | Natukoy ang lokasyon na kinaroonan ng Anyong Lupa ngunit may kakulangan sa impormasyon. | Natukoy ang wastong lokasyon na kinaroonan ng Anyong Lupa na may kumpletong impormasyon. |
| **Anyong Tubig** | Nakapagbigay ng halimbawa ngunit hindi akma sa uir ng Anyong Tubig. | Nakapagbigay ng wastong halimbawa na naayon sa uri ng Anyong Tubig. |
| **Lokasyon ng Anyong Tubig** | Natukoy ang lokasyon na kinaroonan ng Anyong Tubig ngunit may kakulangan sa impormasyon. | Natukoy ang wastong lokasyon na kinaroonan ng Anyong Tubig na may kumpletong impormasyon. |

## IKALAWANG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain B** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

1. Lawa
2. Kapatagan
3. Disyerto
4. Anyong Tubig
5. Topograpiya
6. Anyong Lupa
7. Arkipelago
8. Ismus o Isthmus
9. 30 porsyento
10. Heograpiyang Pantao

## IKATLONG PAGTATAYA

Hayaang sagutin ng mga mag-aaral ang mga gawain sa **Ating Tuklasin-Gawain C** ng interactive na courseware.

**Mga Sagot:**

**Maaaring magkakaiba-iba ang sagot ng mga bata.*

| Nilalaman | 3 | 5 | 8 | 10 |
|---|---|---|---|---|
| **Halimbawa ng Anyong Lupa at Tubig sa Pilipinas** | Hindi angkop ang naibigay na halimabawa ng anyong lupa at tubig na matatagpuan sa Pilipinas. | Nakapagbigay ng nag-iisang halimbawa alinman sa anyong lupa at tubig matatagpuan sa Pilipinas. | Nakapagbigay ng isang wastong halimbawa ng anyong lupa at tubig na matatagpuan sa Pilipinas. | Nakapagbigay ng dalawang wastong halimbawa ng anyong lupa at tubig na matatagpuan sa Pilipinas. |
| **Topograpiya** | Hindi tugma ang naibigay na topograpiya sa halimbawa ng anyong at lupa at tubig. | Naibigay ang wastong topograpiya ng anyong lupa at tubig sa Pilipinas ngunit may kakulangan sa impormasyon. | Naibigay ang wastong topograpiya ng isang halimbawa ng anyong lupa at tubig sa Pilipinas. | Naibigay ang wastong topograpiya ng dalawang halimbawa ng anyong lupa at tubig sa Pilipinas. |
| **Disenyo** | Hindi nagpakita ng pagiging malikhain sa paggawa. | Hindi gumamit ng makukulay na larawan o disenyo at hindi malinaw na pagkakalapat | Nagpapakita ng malikhaing disenyo sa pamamagitan ng makukulay na larawan o | Nagpapakita ng malikhaing disenyo sa pamamagitan ng makukulay na larawan o |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | ng mga impormasyon. | disenyo ngunit hindi gaanong malinaw ang pagkakalapat ng mga impormasyon. | disenyo gayundin ang maayos at organisadong pagkakalapat ng mga impormasyon. |

## TAKDANG-ARALIN

Ipagawa sa mga mag-aaral ang mga sumusunod na gawain bilang takdang-aralin:

1. Maghanap ng mga imahe sa internet, magasin o sa libro tungkol sa mga sumusunod:
    a. Mga Anyong Lupa
    b. Mga Anyong Tubig
2. Pagsamasamahin ang mga nalakap na imahe at gawin itong collage.
3. Tandaan maging malikhain sa paggawa nito.